

**WEEKLY LEARNING PLAN**

<table>
<tr><td>Quarter</td><td colspan="2">1</td><td>Grade Level</td><td>3</td></tr>
<tr><td>Week</td><td colspan="2">2</td><td>Learning Area</td><td>ESP</td></tr>
<tr><td>MELCs</td><td colspan="4">Nakapagpapakita ng mga natatanging kakayahan nang may pagtitiwala sa sarili (EsP3PKP-Ia-14).</td></tr>
<tr><td>Day</td><td>Objectives</td><td>Topic/s</td><td>Classroom-Based Activities</td><td>Home-Based Activities</td></tr>
<tr><td>1</td><td>Nakapagpapakita ng mga natatanging kakayahan nang may pagtitiwala sa sarili</td><td>Pagtitiwala sa Sarili</td><td>BALIKAN:<br>Sa aralin na ito ay ating tatalakayin at pag-uusapan kung ano ang kahalagahan ng pagtitiwala sa sarili upang maipakita at maibahagi natin ang ating talento o abilidad sa ibang tao nang buong husay at galing at napahahalagahan ang kakayahan sa paggawa.<br>Ang bawat nilalang ay may talento at abilidad. Bilang isang tao, katungkulan natin na pagyamanin at gamitin ito sa araw-araw. Bilang bahagi ng pagpapayaman nito ay ang pagbabahagi natin nito sa ating kapuwa nang buong kahusayan.<br>Ang kahusayan ay nangangailangan ng pagtitiwala sa sarili upang magampanan natin ang ating tungkulin bilang isang indibidwal.<br>Kapag ito ay ating nagawa nang maayos, may sayang hatid sa ating puso bilang kapalit ng ating pagsasakripisyo na magampanan ang ating tungkulin bilang isang tao.<br><br>Gawain<br>Mga kagamitan para sa gawain:<br>🕮 Isang buong papel<br>🕮 Larawan na nagpapakita na ginagawa mo ang isang bagay na may pagtitiwala sa sarili (hal. Kumakanta ka sa entablado, tumutula sa harap ng iyong mga kaklase.)<br>🕮 Pandikit<br>🕮 Isang sanaysay na iyong ginawa tungkol sa iyong idinikit na larawan.<br>Ang mga katanungan na nasa ibaba ang magsisilbi mong gabay kung paano mo gagawin ang iyong sanaysay.<br><br>Mga tanong<br>1. Maaari mo bang ipakilala kung sino ang nasa larawan?<br>2. Ano ang ginagawa ng nasa larawan?</td><td>Sagutan ang sumusunod na Gawain sa Pagkatuto Bilang ______ na makikita sa Modyul ESP 1.<br><br>Isulat ang mga sagot ng bawat gawain sa Notebook/Papel/Activity Sheets.<br><br>Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul)</td></tr>
</table>

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
<td>3. Ano ang damdaming hatid sa iyo ng ipinapakita sa larawan habang ginagawa ito?<br>4. Sa susunod na pagkakataon uulitin mo pa bang gawin ang nasa larawan? Bakit?<br><br>TUKLASIN:<br>Magbabalik-tanaw tayo tungkol sa Aralin 1. Isipin ang mga bagay o gawain na nagawa mo nang maayos at may kumpiyansa sa sarili. Gawin ito sa isang malinis na papel.<br>
<table>
<tr><th>Mga Gawain na Nagawa Ko</th><th>Aksiyon na Ipinakita</th></tr>
<tr><td>1.</td><td></td></tr>
<tr><td>2.</td><td></td></tr>
<tr><td>3.</td><td></td></tr>
<tr><td>4.</td><td></td></tr>
<tr><td>5.</td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>2</td>
<td>Nakapagpapakita ng mga natatanging kakayahan nang may pagtitiwala sa sarili</td>
<td>Pagtitiwala sa Sarili</td>
<td>SURIIN:<br>Panuto: Suriin natin ang bagay-bagay.<br>Independent Activity 1<br>A.<br>Ang Aking Pangako sa Sarili<br>Ako si ______________________________, Ako'y nangangakong ________________________________<br>______________________________________<br>______________________________________.<br>____________<br>Lagda<br><br>Bilang patunay na nagawa mo ang iyong pangako na nilagdaan mo sa kahon na nasa itaas. Kumuha ng larawan habang ito ay iyong ginagawa at idikit mo sa isang bond paper, ang nasa ibaba ay magsisilbi mong gabay kong papaano mo ito gagawin.<br>Pangalan: _____________<br>Petsa ng paggawa: __________<br>Lugar:_____________<br>Okasyon:_____________<br>(Larawan)</td>
<td>Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul)<br><br>File created by DepEdClick</td>
</tr>
<tr>
<td>3</td>
<td>Nakapagpapakita ng mga natatanging kakayahan nang may pagtitiwala sa sarili</td>
<td>Pagtitiwala sa Sarili</td>
<td>PAGYAMANIN:<br>Suriin ang bawat larawan na nasa ibaba at sabihin kung ang bawat isa ay nagpapakita ng tiwala sa sarili. Isulat sa isang papel ang iyong sariling kakayahan na nagagawa o naipapakita mo ng may pagtitiwala sa sarili.</td>
<td>Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul)</td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | |   <br>Gawain A:<br>Panuto: Gawin ito sa isang malinis na papel.<br>Pagsusuri<br>1. Ano-ano ang ginagawa ng mga mag-aaral sa larawan?<br>2. Meron bang pagkakaiba o pagkakapareho ang mga gawain<br><br>na nasa larawan? Maaari mo bang tukuyin ang mga ito?<br>Repleksyon<br>3. Alin sa mga larawan ang kaya mong gawin? | |
| 4 | Nakapagpapakita ng mga natatanging kakayahan nang may pagtitiwala sa sarili | Pagtitiwala sa Sarili | ISAGAWA:<br>Basahin ang bawat pangungusap at sagutan ng Tama kung sa iyong palagay tama ang isinasaad sa pangungusap. Mali naman kung sa iyong palagay ay mali ang nakasaad sa pangungusap. Isulat sa hiwalay na papel ang iyong sagot.<br>________1. Ang tao ay may abilidad sa paggawa nang may buong kahusayan.<br>________2. Ang labis na pagtitiwala sa sarili ay pagpapakita ng kayabangan.<br>________3. Ang iyong talento at abilidad ay balewala kung ito ay hindi mo nagampanan nang maayos.<br>________4. Laging isaisip na ang talento ay dapat ibahagi sa ibang tao upang tayo ay umani ng papuri at parangal.<br>________5. Ang pagtitiwala sa sarili ay isang uri ng motibasyon upang magampanan natin nang maayos ang ating ginagawa. | Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |
| 5 | Nakapagpapakita ng mga natatanging kakayahan nang may pagtitiwala sa sarili | Pagtitiwala sa Sarili | TAYAHIN:<br>Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Piliin ang tamang letra ng sagot at isulat ito sa iyong sagutang papel.<br>1. Mahalaga para sa isang bata ang magkaroon ng _________ sa sarili | Sagutan ang Pagtataya na matatagpuan sa pahina ____. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | upang magampanan nang maayos ang sariling hilig at talento.<br><br>A. talino<br>B. tiwala<br>C. tikas ng tindig<br>D. tibay ng loob<br><br><br>2. Ang pagtitiwala sa sarili ay isang uri ng________.<br>A. inspirasyon C. motibasyon<br>B. ugali ng tao D. paniniwala ng tao<br>3. Ikaw ang napiling lalahok sa paligsahan sa tula ngunit isa kang mahiyaing bata dahil sa buong akala mo na ikaw ay walang kakayahang magsalita sa harap ng maraming tao. Ano ang gagawin mo?<br><br>A. Hihinto na lang ako sa pag-aaral.<br>B. Iiyak ako para maawa sa akin ang aking guro.<br>C. Ipapasa ko ito sa aking kaklase na mahusay sa pagharap<br>ng tao.<br>D. Tatanggapin ko, mag-eensayo ako araw-araw, at magiging<br>positibo.<br>4. Magaling kang kumanta. Ikaw ay nanalo na sa mga patimpalak ng dalawang beses, pero sa pagkakataong ito bigla kang pumiyok habang kumakanta. Ano ang maaari mong gawin?<br><br>A. Iiyak ako ng malakas.<br>B. Titigil ako sa pag-awit.<br>C. Tatakbo ako papuntang likuran ng entablo.<br>D. Ipagpapatuloy ko ang pag-awit at balewalain ang isang<br>munting pagkakamali.<br>5. Matibay ang iyong paniniwala sa iyong sarili at sa angking kakayahan pero iba ang pagkakaintindi nito ng iyong mga kaklase dahil ang tingin nila sa iyo ay mayabang kaya't madalas ka nilang tinutukso. Paano mo ito mapapatunayan sa kanila na hindi ka ganoong klaseng bata?<br><br>A. Hindi ko na sila papansinin.<br>B. Hindi ko na sila kakausapin.<br>C. Aawayin ko sila para tigilan na nila ako.<br>D. Tatahimik na lang at pananatilihing mabuti ang pakikitungo<br>sa kanila. | |

**WEEKLY LEARNING PLAN**

| **Quarter** | 1 | | **Grade Level** | 3 |
|---|---|---|---|---|
| **Week** | 2 | | **Learning Area** | FILIPINO |
| **MELCs** | **Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggan at nabasang teksto**<br><br>**Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento, usapan, teksto, balita at tula** | | | |
| **Day** | **Objectives** | **Topic/s** | **Classroom-Based Activities** | **Home-Based Activities** |
| 1 | nakagagamit ng naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang teksto | Pag gamit ng Naun ang Kaalaman o Karanasan sa Pag unawa ng Napakinggang Teksto | BALIKAN:<br><br>Punan mo ng wastong pangngalan ang sumusunod na pahayag. Isulat ang letra ng iyong sagot.<br>1. Si Bb. Helen Cruz ay isang __________ na nagtuturo sa paaralan.<br>a. karpintero b. upuan c. guro<br>2. Pumunta si nanay sa _________________.<br>a. baso<br>b. palengke<br>c. Aling Nina<br>3. Mabait si _________________ sa kaniyang kaklase.<br>a. aso b. Berto c. rosas<br>4. Presko ang hangin sa ________________.<br>a. unan b. bukid c. palengke<br>5. Mabango ang _________________ na sampaguita.<br>a. pabango b. bulaklak c. simbahan<br><br>TUKLASIN:<br><br>Pakinggan ang tekstong babasahin ng iyong kapamilya sa pahina 11 o i-play ang naka-record na tekstong binasa ng guro. Sagutin mo ang sumusunod na tanong. Isulat ang letra ng iyong sagot.<br>1. Ano ang pamagat ng tekstong napakinggan?<br><br>a. Ang Pamilya<br>b. Ang Aming Pamilya<br>c. Ang Pamilyang Nagkakaisa<br>2. Sino-sino ang bumubuo ng pamilya?<br><br>a. nanay at tatay<br>b. nanay, tatay at ate<br>c. nanay, tatay, ate, kuya at bunso<br>3. Paano itinuturo ng mga magulang ang pananalig sa Diyos? | Sagutan ang sumusunod na Gawain sa Pagkatuto Bilang ______ na makikita sa Modyul FILIPINO 1<br><br>Isulat ang mga sagot ng bawat gawain sa Notebook/Papel/Activity Sheets.<br><br>Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | a. Nagtutulungan sila.<br>b. Sila ay nagmamahalan.<br>c. Sama-sama silang nagsisimba at nagdarasal.<br>4. Bakit nalalampasan ng pamilya ang bawat problema ayon sa teksto?<br><br>a. Nakikinig sila sa bawat isa.<br>b. Nag-uusap sila kapag may problema.<br>c. Nagkakaisa sila at nananalig sa Puong Maykapal.<br>5. Sa iyong palagay, bakit mahalaga ang pagkakaisa ng pamilya?<br>Mahalaga ang pagkakaisa ng pamilya upang maging ______.<br>a. magulo<br>b. malungkot<br>c. mapayapa | |
| 2 | nakagagamit ng pangngalan sa pagsasalaysay tungkol sa mga tao, lugar at bagay sa paligid | Pag gamit ng Pangngalan sa Pagsasalaysay | PAGYAMANIN:<br>Gawain A<br>Sa tulong ng nakatatanda sa iyo, pakinggan mo ang tekstong kaniyang babasahin sa pahina 12 at sagutin ang mga tanong tungkol dito. Isulat ang titik ng iyong sagot.<br>1. Ano ang CoVid-19 batay sa tekstong napakinggan?<br><br>a. masamang kaaway<br>b. simpleng karamdaman<br>c. nakahahawang karamdaman<br>2. Sino-sino ang maaaring mahawahan nito?<br><br>a. mga bata<br>b. mga matatanda<br>c. mga bata at matatanda<br>3. Ano ang nabanggit sa teksto na dapat gawin upang maiwasan ang CoVid-19?<br><br>a. lumabas ng bahay<br>b. manatili sa loob ng bahay<br>c. makipaglaro sa mga kaibigan<br>4. Bakit kailangang manatili sa loob ng inyong bahay ayon sa tekstong napakinggan? | Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul)<br><br>File created by DepEdClick |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Upang _______________.<br>a. magkaroon ng panahon sa pamilya.<br>b. maging maayos at malinis ang loob ng bahay.<br>c. maging ligtas at hindi mahawahan ng sakit na CoVid-19.<br>5. Sa palagay mo, ano pa ang maaaring gawin upang maiwasan ang CoVid-19?<br>a. Palaging maghugas ng kamay.<br>b. Makipagkamay sa mga kaibigan.<br>c. Makisalamuha sa ibang mga tao.<br><br>ISAGAWA:<br>Pakinggan ang tekstong babasahin ng iyong kapamilya sa pahina 11 o i-play ang naka-record na tekstong binasa ng guro. Sagutin mo ang sumusunod na tanong. Isulat ang titik ng iyong sagot.<br>1. Sino ang pangalawang anak nina Aling Nita at Mang Karding na<br>tumutulong sa pagluluto at paglalaba?<br>a. Ben<br>b. Nelo<br>c. Mina<br>2. Ano ang ginagawa ni Ben bilang bunsong anak?<br>a. nagluluto ng pagkain<br>b. nagliligpit ng hinihigaan<br>c. naglalaba ng mga damit<br>3. Si Mina ay tumutulong sa kaniyang ina sa pagluluto at paglalaba.<br>Paano mo mailalarawan si Mina?<br>a.mahiyain<br>b.mayabang<br>c.matulungin | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | 4. Tuwing umaga, ginagampanan ni Nelo ang pag-aalaga ng<br>kanilang mga alagang hayop. Natutuwa siya habang ginagawa ito lalo na kapag kasama ang kaniyang ama.<br>.<br>Tulad ni Nelo, bakit kailangang gampanan mo ang iyong tungkulin sa tahanan?<br>a. para maging sikat sa pamilya.<br>b. dahil pinilit nina nanay at tatay<br>c. upang matuto at lumaking responsableng bata<br>5. Si Ben ang tagaligpit ng mga laruang nakakalat sa kanilang bahay. Natutuwa siya kapag malinis ito.<br>Ginagawa mo rin ba sa inyong bahay ang ginagawa ni Ben? Bakit?<br>a. Hindi, dahil nakakapagod.<br>b. Oo, dahil binibigyan ako ni nanay ng pera pagkatapos.<br>c. Oo, dahil magandang tingnan ang malinis at maayos na tahanan.<br><br>TAYAHIN:<br>Pakinggan ang tekstong babasahin ng iyong kapamilya sa pahina 12 o i-play ang naka-record na tekstong binasa ng guro. Sagutin ang mga tanong sa ibaba.<br>Mga Tanong:<br>1. Ano ang pamagat ng teksto?<br>2. Ilang basong tubig ang kailangang inumin araw-araw?<br>3. Bakit mahalaga ang tubig sa ating buhay?<br>4. Sa iyong palagay, ano ang mangyayari kung kulang ang iniinom nating tubig?<br>5. Kung aanyayahan ka ng iyong kaibigan na uminom ng softdrink, ano ang gagawin mo? | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 3 | nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento, usapan, balita at tulang binasa | Pagsagot sa Tanong Tungkol sa Kuwento, Usapan, Balita, at Tula | BALIKAN:<br><br>Ang Saranggola<br>Isinulat ni: Airene S. Hinay<br>Araw ng Sabado noon at maagang nagising si Isko dahil gusto niyang maglaro kasama ang kaniyang mga kaibigan. Napansin ni Isko na malakas ang hangin sa labas kaya naisipan niyang magpalipad ng saranggola. Tinawag niya ang kaniyang mga kaibigan at dali-daling nagpunta sa burol.<br>Masayang nagpalipad ng saranggola si Isko at kaniyang mga kaibigan ng biglang sumabit sa puno ang saranggola ni Isko. Sa tulong ng mga kaibigan, inakyat nila ang puno at kinuha ang saranggola ni Isko.<br>Masaya si Isko dahil bukod sa nakapagpalipad siya ng saranggola, nakatagpo rin siya nang mabubuting kaibigan.<br>Pagtambalin ang mga tanong sa Hanay A sa wastong sagot nito na nasa Hanay B.<br><br>A / B<br>1. Sino ang bata sa kuwento? — a. Isko<br>2. Kailan pumunta sa burol si Isko? — b. sa burol<br>3. Bakit maagang gumising si Isko? — c. araw ng Sabado<br>4. Ano ang gagawin ni Isko sa burol? — d. dahil eksayted siyang maglaro<br>5. Saan pumunta sina Isko at kaniyang kaibigan? — e. magpalipad ng saranggola<br><br>TUKLASIN:<br>Basahin ang usapan.<br>Gintong Paalala<br>Isinulat ni Airene S. Hinay<br><br>Hapon ng alas-tres noon nang nagkuwentuhan ang maganak sa sala habang nanonood ng palabas sa telebisyon.<br><br>Nanay: O ikaw anak, dapat gayahin mo ang pag-uugali ng bida sa palabas. Masipag mag-aral upang makamit mo ang mga pangarap mo sa buhay.<br><br>Tatay: Oo nga anak. Lagi kang mag-aral ng mga leksiy mo sa klase upang makakuha ka ng mataas na marka. Ang sipag at tiyaga sa pag-aaral ang magiging susi mo sa pagkamit ng iyong mga pangarap.<br><br>Boboy: Opo 'nay at 'tay. Tatandaan ko po ang inyong mga paalala. Mag-aaral po ako nang mabuti p sa inyo at para sa mga pangarap ko.<br><br>Sagutin ang sumusunod na tanong at bilugan ang letra ng iyong sagot.<br>1. Ano ang ginawa ng mag-anak habang nanonood ng palabas sa telebisyon?<br>a. kumakain b. nagkukuwentuhan c. naglilinis<br>2. Sino ang sinabihan ng mga gintong paalala? | Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul) |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | a. Nanay b. tatay c. Boboy<br>3. Saan nagkukuwentuhan ang mag-anak?<br>a. sa sala b. sa kusina c. sa kuwarto<br>4. Sa iyong palagay, bakit sinabi iyon ng nanay at tatay?<br>a. sapagkat nakakalimutan ito ni Boboy<br>b. dahil gusto nilang magtagumpay sa buhay si Boboy<br>c. upang hindi makamit ni Boboy ang kanyang mga pangarap<br><br>5. Mahalaga ba ang pag-aaral upang makamit mo ang iyong pangarap? Bakit?<br>a. Oo, upang mas lamang ka sa kapuwa mo.<br>b. Hindi, dahil dagdag gastusin lang kay nanay at tatay.<br>c. Oo, dahil mas maganda ang uri ng trabaho pag may pinagaralan ka. | |
| 4 | nakagagamit ng pangngalan sa pagsasalaysay tungkol sa mga tao, lugar at bagay sa paligid | Pag gamit ng Pangngalan sa Pagsasalaysay | PAGYAMANIN:<br>Gawain A<br>Basahin ang usapan sa ibaba at mula rito sagutin mo ang mga sumusunod na tanong. Bilugan ang letra ng iyong sagot.<br><br>Tagubilin<br>Isinulat ni: Jaycel D. Suganob<br><br>Ang kagandahan ko ay tila paraiso,<br>Ngunit bata at matanda ay inaabuso ako,<br>Punongkahoy pananggalang sa malakas na bagyo,<br>Pinutol at ginawang troso.<br><br>Ang aking hiling huwag akong abusuhin,<br>Kapaligiran ko sana ay laging linisin,<br>Mga basurang nagkalat dapat ating pulutin,<br>At huwag itapon sa dagat na irog natin.<br><br>Pangangalaga sa kapaligiran ay laging tandaan,<br>Panatilihin ninyo ang taglay kong kagandahan,<br>Dahil ito ay nagsisilbing likas na kayamanan,<br>Na maipagmamalaki sa mga dayuhan at kaninuman.<br>1. Ano ang pamagat ng tulang iyong napakinggan?<br>a. Tagubilin<br>b. Panawagan<br>c. Pangangalaga sa kapaligiran<br><br>2. Sino-sino ang umaabuso sa kapaligiran?<br>a. mga hayop<br>b. mga halaman<br>c. bata at matanda<br><br>3. Saan nagkalat ang mga basura?<br>a. karagatan | Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul) |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | b. kapaligiran<br>c. kabahayan<br><br>4. Sa iyong palagay, kailan dapat pangalagaan ang kapaligiran?<br>a. bawat oras<br>b. tuwing hapon<br>c. tuwing umaga<br><br>5. Bakit mahalagang pangalagaan ang kapaligiran?<br>a. dahil ito ay tirahan lamang ng mga hayop.<br>b. upang maging madumi ang hangin at madaming tao ang magkasakit.<br>c. para may masilayan at mapakinabangan pa ang susunod na henerasyon. | |
| 5 | nakagagamit ng pangngalan sa pagsasalaysay tungkol sa mga tao, lugar at bagay sa paligid | Pag gamit ng Pangngalan sa Pagsasalaysay | ISAGAWA:<br><br>Araw ng Barangay<br>Isinulat ni: Airene S. Hinay<br>Bata at matanda ay may kani-kaniyang gawain sa pagdiriwang ng Araw ng Barangay. Lahat ay abala sa kanilang mga gawain. Ang mga kababaihan ang nag-aayos ng mga palamuting bulaklak sa entablado para sa gagawing programa. Ang mga kalalakihan naman ang nakatoka sa pagkabit ng mga banderitas.<br>Abala ang mga kabataan sa pag-eensayo ng sayaw para sa paligsahan, Kami naman ay tumutulong sa paglilinis ng aming mga tahanan.<br><br>1. Tungkol saan ang kuwento?<br>a. Araw ng Bayan<br>b. Araw ng Barangay<br>c. Araw ng Lalawigan<br>2. Sino ang nag-ayos ng mga bulaklak sa entablado?<br>a. kabataan b. kalalakihan c. kababaihan<br>3. Saan naganap ang kuwento?<br>a. sa bayan b. sa paaralan c. sa barangay | Sagutan ang Pagtataya na matatagpuan sa pahina ____. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | 4. Paano ka makatutulong sa pagdiriwang ng Araw ng Barangay?<br>a. maghihintay na tawagin<br>b. maglilinis ng paligid nang hindi inuutusan<br>c. magpapabayad sa pagsasabit ng banderitas at palamuti<br>5. Bakit mahalagang magtulungan sa bawat gawain?<br>a. upang madaling matapos ang mga gawain<br>b. para maabutan pa ng bukas ang mga gawain<br>c. upang maging magulo ang paggawa ng mga gawain<br><br>TAYAHIN:<br>Basahin ang kuwento at sagutin mo ang mga tanong. Isulat ang iyong sagot sa patlang.<br><br>Pamilyang Nagkakaisa<br>Isinulat ni: Airene S. Hinay<br><br>Pagkatapos maghapunan, pinaaalahanan ng nanay si Emily sa kaniyang gawaing bahay kinabukasan.<br><br>Nanay: Emily anak, huwag niyong kalilimutan ang iyong gawaing bahay bukas ha? Ikaw ang nakatoka sa pagdidilig ng halaman sa hardin.<br>Emily: Opo 'nay. Gigising po ako ng maaga bukas para madali po akong matapos.<br>Jona: Nanay, maaari po bang tulungan ko si Ate Emily sa pagdidilig ng halaman?<br>Nanay: Oo naman anak, maganda iyang naisip mo. Dahil sa pagtutulungan madaling matatapos ang mga gawain.<br><br>1. Ano ang pamagat ng usapan?<br><br>2. Sino ang inatasan ng nanay na magdilig ng halaman sa hardin?<br><br>3. Kailan nag-usap ang mag-anak?<br>4. Sa iyong palagay, bakit kaya nais tumulong ni Jona sa kaniyang Ate Emily?<br>5. Mahalaga bang tumulong sa mga gawaing bahay? Bakit? | |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |

**WEEKLY LEARNING PLAN**

| Quarter | 1 | | Grade Level | 3 |
|---|---|---|---|---|
| **Week** | 2 | | **Learning Area** | AP |
| **MELCs** | **Nasusuri ang kinalalagyan ng mga lalawigan ng sariling rehiyon batay sa mga nakapaligid dito gamit ang pangunahing direksiyon (primary direction)** | | | |
| **Day** | **Objectives** | **Topic/s** | **Classroom-Based Activities** | **Home-Based Activities** |
| 1 | 1. Natutukoy ang kinalalagyan ng mga lalawigan sa rehiyon batay sa mga kalapit na lugar gamit ang pangunahing direksiyon; at<br><br>2. nailalarawan ang lokasyon ng mga lalawigan sa rehiyon batay sa mga nakapaligid dito gamit ang pangunahing direksiyon. | Kinalalagyan ng mga Lalawigan sa Sariling Rehiyon | BALIKAN:<br>1. Gaano kahalaga ang Aliwagwag falls para sa mga tao sa Davao Oriental?<br>2. Ano ang simbolo ng Mt. Apo sa mapa na bahagi sa lalawigan ng Davao del Sur?<br>3. Mayroon bang simbolo ng paaralan na makikita sa lalawigan ng Davao del Norte?<br><br>B. Batay sa mapa ng Davao Region, ilapat ang mga simbolo ng Aliwagwag falls, Mt. Apo at paaralan sa Davao del Norte sa kinaroroonan nitong lalawigan ayon sa lokasyon ng mapa.<br><br><br>1. ______________<br>2. ______________<br>3. ______________<br><br>TUKLASIN:<br>Sa pagtukoy ng mga kinaroroonan ng mga lugar ay mainam gumamit ng mapa, mga simbolo, at direksiyon. Isa sa mga paraan para madaling makita ang kinalalagyan ng hinahanap na lugar ay ang pagtukoy kung saang direksiyon makikita ang mga kalapit-lugar na nakapaligid dito.<br>Ang Compass Rose ay ang simbolo na makikita sa itaas na bahagi ng mapa. Ito ay tumutukoy sa apat na pangunahing direksiyon. Ang Hilaga (H) ay nakaturo sa itaas, katapat nito ang Timog (T) sa ibaba. Sa kanan naman makikita ang Silangan (S) kung saan sumisikat ang araw, katapat naman nito ang Kanluran (K) sa kaliwa kung saan lumulubog ang araw. | Sagutan ang sumusunod na Gawain sa Pagkatuto Bilang ______ na makikita sa Modyul AP 1.<br><br>Isulat ang mga sagot ng bawat gawain sa Notebook/Papel/Activity Sheets.<br><br>Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Sa paghahanap gamit ang mapa, mahalagang alam mo ang batayan kung saan ang iyong kinaroroonan o tinatawag na point of reference.<br>Ang mga ito ay nagbibigay gabay upang mas mapabibilis ang pagtunton sa lugar na maaring mong gustong puntahan. Tingnan ang compass rose sa ibaba. Basahin ang mga direksiyon mula sa itaas pababa, kaliwa pa kanan gamit ang gabay na talata na nasa ibaba nito.<br><br> | |
| 2 | 1. Natutukoy ang kinalalagyan ng mga lalawigan sa rehiyon batay sa mga kalapit na lugar gamit ang pangunahing direksiyon; at<br><br>2. nailalarawan ang lokasyon ng mga lalawigan sa rehiyon batay sa mga nakapaligid dito gamit ang pangunahing direksiyon. | Kinalalagyan ng mga Lalawigan sa Sariling Rehiyon | SURIIN:<br>Pagbatayan ang dalawang mapang ipinakita sa naunang pahina. Sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang inyong sagot sa sagutang papel.<br>1. Saang direksiyon makikita ang paaralan kung ang pagbabatayan ay ang ospital?<br>2. Anong estruktura ang nasa harapan ng simbahan?<br>3. Kung ang kabahayan ang pagbabatayan, saang direksiyon makikita ang parke?<br>4. Anong lugar ang nasa Hilaga ng Davao del Sur?<br>5. Saang direksiyon makikita ang Davao Oriental kung ikaw ay nasa Davao de Oro? | Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul)<br><br>File created by DepEdClick |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 3 | 1. Natutukoy ang kinalalagyan ng mga lalawigan sa rehiyon batay sa mga kalapit na lugar gamit ang pangunahing direksiyon; at<br><br>2. nailalarawan ang lokasyon ng mga lalawigan sa rehiyon batay sa mga nakapaligid dito gamit ang pangunahing direksiyon. | Kinalalagyan ng mga Lalawigan sa Sariling Rehiyon | PAGYAMANIN:<br>Tingnan muli ang mapa ng Davao Region. Tukuyin ang kinalalagyan ng bawat lalawigan sa mapa batay sa direksiyon ng lokasyon ng mga kalapit-lalawigan nito. Isulat ang letra ng tamang sagot sa hiwalay na sagutang papel.<br>1. Ang Davao del Sur ay nasa ___________ ng<br><br>Davao Occidental.<br>A. Timog<br>B. Hilaga<br>C. Kanluran<br>D. Silangan<br>2. Makikita ang Davao Oriental sa ______________ng<br><br>Davao de Oro.<br>A. Timog<br>B. Hilaga<br>C. Kanluran<br>D. Silangan<br>3. Nasa __________ ng Davao del Norte ang Davao del Sur.<br><br>A. Timog<br>B. Hilaga<br>C. Kanluran<br>D. Silangan<br>4. Kung ikaw ay nasa Davao City at ikaw ay patungong pahilaga, anong lalawigan ang iyong mapupuntahan?<br><br>A. Davao del Norte<br>B. Davao del Sur<br>C. Davao Occidental<br>D. Davao Oriental<br><br>5. Anong lalawigan ang kalapit-lugar ng Davao de Oro sa gawing Silangan?<br>A. Davao del Norte<br>B. Davao del Sur<br>C. Davao Occidental<br>D. Davao Oriental | Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul) |
| 4 | 1. Natutukoy ang kinalalagyan ng mga lalawigan sa rehiyon batay sa mga kalapit na lugar | Kinalalagyan ng mga Lalawigan sa Sariling Rehiyon | ISAGAWA:<br>Gumuhit ng payak na mapa katulad ng inyong pamayanan. Ilagay sa gitna ang bahay-kubo bilang batayan ng sariling lalawigan. Isulat ang mga karatig lalawigan sa angkop na kinalalagyan nito batay sa direksiyon. Gawin ito sa hiwalay na papel. | Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | gamit ang pangunahing direksiyon; at<br><br>2. nailalarawan ang lokasyon ng mga lalawigan sa rehiyon batay sa mga nakapaligid dito gamit ang pangunahing direksiyon. | |  | |
| 5 | 1. Natutukoy ang kinalalagyan ng mga lalawigan sa rehiyon batay sa mga kalapit na lugar gamit ang pangunahing direksiyon; at<br><br>2. nailalarawan ang lokasyon ng mga lalawigan sa rehiyon batay sa mga nakapaligid dito gamit ang | Kinalalagyan ng mga Lalawigan sa Sariling Rehiyon | TAYAHIN:<br>Sagutin ang sumusunod na mga tanong. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.<br>1. Ano ang ginagamit upang mapabilis ang pagtunton sa kinalalagyan ng isang lugar o karatig lugar ng isang rehiyon?<br>A. pangunahing kulay<br>B. pangunahing guhit<br>C. pangunahing direksiyon<br>D. pangunahing estruktura<br>Para sa bilang 2 - 4, gamitin ang mapa ng Davao Region bilang batayan sa pagsagot sa sumusunod:<br>2. Kung pagbabatayan ang Davao del Norte, saang direksiyon ang kinaroroonan ng Davao Occidental?<br>A. Timog<br>B. Hilaga<br>C. Kanluran<br>D. Silangan<br>3. Si Jose ay nakatira sa lalawigan ng Davao de Oro. Gusto niyang pumunta sa Davao Oriental. Sa anong direksiyon siya tutungo?<br>A. Timog<br>B. Hilaga<br>C. Kanluran<br>D. Silangan<br>4. Kung ikaw ay nasa Davao de Oro at nais mong tumungo pakanluran, anong | Sagutan ang Pagtataya na matatagpuan sa pahina ____. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | pangunahin g direksiyon. | | lugar o lalawigan ang mapupuntahan mo?<br>A. Davao del Sur<br>B. Davao Oriental<br>C. Davao del Norte<br>D. Davao Occidental<br>5. Sa iyong palagay, nakatulong ba ang mga<br>direksiyon ng mga karatig lalawigan sa pagtuntun ng<br>nais mapuntahan na lugar?<br>A. Opo, upang madaling maiguhit ang lugar<br>B. Opo, upang madaling marating ang lugar<br>C. Hindi, dahil nagdudulot lamang ito ng kalituhan<br>D. Hindi, dahil nag-aaksaya lamang ito ng panahon | |

**WEEKLY LEARNING PLAN**


| **Quarter** | 1 | | **Grade Level** | 3 |
|---|---|---|---|---|
| **Week** | 2 | | **Learning Area** | MTB-MLE |
| **MELCs** | **Correctly spells the words in the list of vocabulary words and the words in the selections read** | | | |
| **Day** | **Objectives** | **Topic/s** | **Classroom-Based Activities** | **Home-Based Activities** |
| 1 | ● nakasusulat ng tula, bugtong, chant at rap | I-RapMo! | Piliin ang angkop na salita upang mabuo ang pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.<br>1. Si Maria ay maagang pumapasok sa paaralan tuwing _____________.<br><br>A. Lones | Sagutan ang sumusunod na Gawain sa Pagkatuto Bilang ______ na makikita sa Modyul MT-MLE 1. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | B. Lunis<br>C. Lunes<br>D. Lonis<br><br>2. Ang _____________ ang siyang gumagamot sa mga maysakit.<br>A. manggagawa<br>B. manggagamot<br>C. mananahi<br>D. magbubukid<br>3. Ito ang ikatlong araw sa isang Linggo at may pasok tayo sa paaralan.<br><br>A. Meyerkoles<br>B. Miyerrkules<br>C. Miyerlules<br>D. Miyerkules<br>4. Sa isang buong taon mayroong labindalawang buwan. Ano ang ikasampung buwan ng bawat taon? Hanapin ang may wastong baybay.<br><br>A. Oktubre<br>B. Oktubri<br>C. Uktobre<br>D. Oktobre<br>5. Sino ang pangulo ng Pilipinas sa kasalukuyan na nagmula sa Mindanao. Isulat ang kaniyang buo at kumpletong pangalan.<br><br>TUKLASIN | Isulat ang mga sagot ng bawat gawain sa Notebook/Papel/Activity Sheets.<br><br>Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Basahin at unawaing mabuti ang tula:<br><br>**Puksain COVID-19**<br>Sinulat ni: Lumen A. Villegas<br><br><br><br>Bata, bata anong iyong ginagawa?<br>Hindi ba't sa bahay ka lang? Para 'nyo nang awa!<br>Huwag lalabas nang sa COVID-19 ay hindi mahawa,<br>isa-isip lagi ang kalusugan nang di mapariwara.<br><br>Makinig nang mabuti sa magulang huwag pasaway,<br>tumulong sa gawaing bahay at huwag mag-aaway.<br>Bigyang halaga anumang bagay,<br>lahat ng ito'y bigay ng Diyos maging ang ating buhay!<br><br>COVID-19 masyadong mapinsala,<br>walang sinasanto bata man o matanda.<br>Maging mga doktor, pulis, tindera at iba pa,<br>sa COVID-19 sila'y pinahirapan, iba'y yumao na.<br><br>Magkaisa tayo, manalangin sa Diyos na may likha,<br>malagpasan nating lahat ang pagsubok na ating kinaharap.<br>Huwag mawalan ng pag-asa sa ating dinaranas na hirap,<br>sapagkat alam nating may bukas pa at may hinaharap.<br><br>Kaibigan sama-sama tayong magtulungan,<br>**social distancing** gawin at pakatandaan.<br>**Hand washing** huwag limutin upang **virus** ay puksain,<br>magsuot ng **face mask** at panatilihin ang kalinisang nais maratin<br><br>Kaya ating labanan COVID-19,<br>huwag mawalan ng pag-asa, ating damhin.<br>Magandang kinabukasan kayang abutin,<br>pananalig lagi sa Maykapal ang siyang sandata natin.<br><br>Sagutin ang mga tanong.<br>1. Ano ang mensahe ng tulang iyong binasa?<br>2. Ano ang napansin mo sa mga huling salita sa bawat linya?<br>3. Naintindihan mo ba ang mga nakasaad sa tula? Bakit o bakit hindi? | |
| 2 | ● nakasusulat ng tula, bugtong, chant at rap | I-RapMo! | PAGYAMANIN: | Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Isulat sa papel o sa kuwaderno ang tama at akmang salita sa patlang upang mabuo ang bugtong, tula at chant o rap. Hanapin sa kahon ang sagot.<br><br>magalang<br>sila<br>pinabayaan<br>paso<br>dumamay<br>ligoan<br><br>1. Nanay, Nanay! Tingnan mo!<br>Namulaklak tanim natin sa __________.<br><br>2. Mahal kong Inang bayan,<br>Salamat 'di ___________.<br><br>3. Nalibot mo na ba?<br>Islang napakaganda.<br>Nabighani ang mga dayuhan,<br>Malinis na dagat, sarap ________.<br><br>4. Noong ako ay bata pa,<br>Palaging pangaral ni Ina,<br>Maging mabait ka, mapagbigay;<br>Sa kagipitan at hirap handang _______. | File created by DepEdClick |
| 3 | ● nakasusulat ng tula, bugtong, chant at rap | I-RapMo! | ISAGAWA:<br><br>Pagtambalin at ayusin ang pagkasunod-sunod ng mga parirala sa Kolum A at B upang makasulat ng tula, bugtong at chant o rap. Tingnan ang halimbawa sa unang bilang. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.<br><br>A — B<br>1. Tula:<br>May isang Ale — pagkain ay di-tiyak.<br>Humihikbi, umiiyak — hinihele ang kanyang baby.<br>Sagot: May isang Ale,<br>hinihele ang kanyang baby.<br>Humihikbi, umiiyak,<br>pagkain ay di-tiyak.<br><br>2. Chant:<br>Hoy! Pandoy, — upang magampanan,<br>Tumulong sa — tungkulin maialay.<br>gawaing bahay — huwag paligoy-ligoy.<br><br>3. Chant:<br>Aba'y mabait pala ako — pinagbubuti ko ang pag-aaral.<br>Damhin ang pagmamahal — laging sinusunod mga utos ninyo.<br><br>4. Bugtong:<br>Isda ko sa Mariveles — Sagot: Sili<br>nasa loob — ang kaliskis.<br><br>5. Rap:<br>Handa ka na ba — masustansiyang pagkain.<br>Gulay sa hardin — tumulong sa iba. | Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul) |
| 4 | ● nakasusulat ng tula, bugtong, chant at rap | I-RapMo! | TAYAHIN:<br>Basahin at unawaing mabuti ang tanong. Piliin ang titik ng wastong sagot at isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.<br>1. Ano ang dapat tandaan kung susulat ng tula, bugtong at chant o rap?<br>A. magandang salita | Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | B. maikli at hindi mahirap na salita<br>C. may indayog at ritmong salita<br>D. wastong baybay, akma at magkasintunog na huling salita<br><br>2. Ano ang sunod na salitang gagamitin kung mahal ang huling salita sa linya?<br>A. aruga<br>B. almusal<br>C. pagtanim<br>D. pagsabayin<br><br>3. Ang isang tula kung lalapatan ng indayog at ritmo ay magiging _______.<br>A. rap<br>B. chant<br>C. bugtong<br>D. maikling kuwento<br>4. Ito ay parang tulang nakasulat ngunit kailangan ito ng sagot. Ano ito?<br>A. rap<br>B. chant<br>C. kwento<br>D. bugtong<br><br>5. Tapusin mo ang rap na nakasulat sa ibaba. Hanapin ang akmang salita sa kahon.<br><br>mag-aral basahin gupitin<br><br>Mga kaklase ko<br>Maghanda na tayo<br>Bakasyon tapos na<br>Leksiyon ay asikasuhin<br>Aklat ihanda at _______. | |
| 5 | • nakasusulat ng tula, bugtong, chant at rap | I-RapMo! | KARAGDAGANG GAWAIN:<br>Kumuha ng malinis na papel at sumulat ng iyong sariling tula, bugtong at chant o rap. | Sagutan ang Pagtataya na matatagpuan sa pahina ____. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Tula<br>Bugtong<br>Chant o Rap | |

## WEEKLY LEARNING PLAN

| **Quarter** | 1 | | **Grade Level** | 3 |
|---|---|---|---|---|
| **Week** | 2 | | **Learning Area** | ENGLISH |
| **MELCs** | **Write a short descriptive paragraph about a character or setting in stories listened to** | | | |
| **Day** | **Objectives** | **Topic/s** | **Classroom-Based Activities** | **Home-Based Activities** |
| 1 | read simple sentences and leveled stories and note details regarding the character | Tell Me More A bout the Story Character | A. Review of the lesson<br><br>B. Establishing the purpose for the lesson<br><br>C. Presenting example/instances of the new lesson | Answer the Learning Tasks found in ENGLISH 1 SLM.<br><br>Write you answeres on your Notebook/Activity Sheets.<br><br>Learning Task No. 1:<br><br>(This task can be found on page ____) |
| 2 | read simple sentences and leveled stories and note details regarding the character | Tell Me More A bout the Story Character | D. Discussing new concepts and practicing new skill #1<br><br>E. Discussing new concepts and practicing new skill #2 | Learning Task No. 2:<br><br>(This task can be found on page ____)<br>File created by DepEdClick |
| 3 | read simple sentences and leveled stories and note details regarding the character | Tell Me More A bout the Story Character | Picture Talk | Learning Task No. 3:<br><br>(This task can be found on page ____) |
| 4 | read simple sentences and leveled stories and note details regarding the character | Tell Me More A bout the Story Character | G. Finding practical application of concepts and skill in daily living | Learning Task No. 4:<br><br>(This task can be found on page ____) |
| 5 | read simple sentences and leveled stories and note details regarding the character | Tell Me More A bout the Story Character | H. Generalization<br><br>I. Evaluating Learning | Answer the Evaluation that can be found on page _____. |

**WEEKLY LEARNING PLAN**

| Quarter | 1 | | Grade Level | 3 |
|---|---|---|---|---|
| Week | 2 | | Learning Area | MATH |
| MELCs | Solves problems involving conversion of time measure. | | | |
| Day | Objectives | Topic/s | Classroom-Based Activities | Home-Based Activities |
| 1 | Read and write numbers from 1 up to 10 000 in symbols and in words | Reading and Writing Numbers | A. What's in<br>Choose the letter of the correct answer. Write the chosen letter on a separate sheet of paper.<br>1. What is 6 780 written in expanded form?<br>a) 6 + 7 + 8 + 0 c) 6 000 + 700 + 80 + 0<br>b) 6 000 + 700 + 8 + 0 d) 600 + 600 + 80 + 0<br><br>2. What is the place value of 7 in the number 5 745?<br>a) Ones c) Hundreds<br>b) Tens d) Thousands<br><br>3. What is the value of 4 in the number 4 562?<br>a) 4 c) 400<br>b) 40 d) 4,000<br><br>4. What is 1 731 in words?<br>a) one hundred, seven thousand, thirty-one<br>b) one thousand, seven thousand thirty-one<br>c) one hundred, seven hundred thirty-one<br>d) one thousand, seven hundred thirty-one<br><br>5. Write two thousand, forty-six in symbol.<br>a) 246 c) 2 046<br>b) 2 460 d) 2 406<br><br>B. What's new | Answer the Learning Tasks found in ENGLISH 1 SLM<br><br>Write you answeres on your Notebook/Activity Sheets.<br><br>Learning Task No. 1:<br><br>(This task can be found on page ____) |

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
<td>
The Philippines, particularly in Regions I, III, IV, NCR and CAR was hit by the Typhoon Tisoy. A total of 60 evacuation centers are currently hosting one thousand, one hundred six families with five thousand, four hundred seventy-nine persons. Twenty-three people are reported dead with 12 injured and three are missing.<br><br>
<br><br>
Ricky was listening to a radio. He heard something about the Typhoon Tisoy. Then Ricky wrote down on the paper the number of families and number of people being affected by the typhoon:<br>
► Number of families = 1 106<br>
► Number of people = 5 479<br><br>
Questions:<br><br>
1. Did Ricky correctly record the number of affected families?<br>
2. How did you know that it is correct or not?
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>2</td>
<td>Read and write numbers from 1 up to 10 000 in symbols and in words</td>
<td>Reading and Writing Number s</td>
<td>
C. What is it<br>
Do you want to read and write numbers? Here are the ways to do it.<br>
First, you should know how to identify Place Value and Value of the digits of the 3- to 4-digit numbers.<br>
Second, you should know how to write number in expanded form.<br>
These are the necessary knowledge in order to read and write numbers in symbols and in words.<br>
Study the place value chart. Let us write the given number of affected families.<br>
<table>
<tr><td rowspan="2">Numbers</td><td colspan="4">Place Value</td></tr>
<tr><td>Thousands</td><td>Hundreds</td><td>Tens</td><td>Ones</td></tr>
<tr><td>1 106</td><td>1</td><td>1</td><td>0</td><td>6</td></tr>
<tr><td>5 479</td><td>5</td><td>4</td><td>7</td><td>9</td></tr>
</table>
Each digit has a value which can be solved by multiplying the digit by its place value as shown below.<br>
<table>
<tr><td>Digit</td><td></td><td>Place Value</td><td></td><td>Value</td></tr>
<tr><td>5</td><td>x</td><td>1 000</td><td>=</td><td>5 000</td></tr>
<tr><td>4</td><td>x</td><td>100</td><td>=</td><td>400</td></tr>
<tr><td>7</td><td>x</td><td>10</td><td>=</td><td>70</td></tr>
<tr><td>9</td><td>x</td><td>1</td><td>=</td><td>9</td></tr>
</table>
We can now write the given number in expanded form by adding the value of each digit.<br>
5 479 in expanded form is 5 000 + 400 + 70 + 9
</td>
<td>Learning Task No. 2:<br><br>(This task can be found on page ____)<br>File created by DepEdClick</td>
</tr>
</table>

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
<td>
Another Example: Write the expanded form of 1 106.<br><br>
Look at the chart above to determine the place value of its digit. Using the place value of each digit, we can express the given number into its expanded form.<br><br>
1 106 = 1 x (1000) + 1 x (100) + 0 x (10) + 6 x (1)<br><br>
Answer: 1 106 = 1 000 + 100 + 0 + 6<br><br>
Now that you know how to write numbers in expanded form, you can already write the number in words by following the steps:<br><br>
Step 1. Identify the place value of the digits of the given number.<br>
Step 2. Write its expanded form by adding the value of each digit.<br>
Step 3. Write the number in words equivalent to the values in expanded form.<br>
Step 4. Write the final answer.<br><br>
Example: Write 5 649 in words.<br><br>
Step 1.<br>
Place value: 5(thousands), 6(hundreds) 4(tens) 9(ones)<br>
Step 2.<br>
Expanded form: 5 000 + 600 + 40 + 9<br>
Step 3.<br>
Number words: Five thousand, six hundred forty – nine<br><br>
Step 4. Final answer:<br>
Five thousand, six hundred forty-nine.<br><br>
Note that there is an exemption in writing the equivalent number in words from the expanded form containing zero in any of the place values. This will happen if the expanded form in each place has the following:
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>3</td>
<td>Read and write numbers from 1 up to 10 000 in symbols and in words</td>
<td>Reading and Writing Number s</td>
<td>
D. What's more<br>
Activity 1<br><br>
Match each number in words with the equivalent number in symbols. Write only the letter of the correct answer on a separate sheet.<br><br>
1. eight thousand, forty-four — a. 4 119<br>
2. seven thousand, three hundred sixty-nine — b. 5 555<br>
3. five thousand, five hundred fifty-five — c. 1 980<br>
4. two thousand, ten — d. 6 432<br>
5. one thousand, nine hundred eighty — e. 8 044<br>
6. six thousand, four hundred thirty-two — f. 9 017<br>
7. three thousand, six hundred — g. 8 902<br>
8. nine thousand, seventeen — h. 2 010<br>
9. four thousand, one hundred nineteen — i. 7 369<br>
10. eight thousand, nine hundred two — j. 3 600
</td>
<td>Learning Task No. 3:<br><br>(This task can be found on page _____)</td>
</tr>
<tr>
<td>4</td>
<td>Read and write numbers from 1 up to 10 000 in symbols</td>
<td>Reading and Writing Number s</td>
<td>E. What I can do</td>
<td>Learning Task No. 4:<br><br>(This task can be found on page _____)</td>
</tr>
</table>

<table>
<tr>
<td></td>
<td>and in words</td>
<td></td>
<td>Write each number in symbols to its equivalent number in words.<br><br>1) 7 273 ________________________________________<br>________________________________________<br><br>2) 4 981 ________________________________________<br>________________________________________<br><br>3) 9 606 ________________________________________<br>________________________________________<br><br>Write each number in words to its equivalent number in symbols.<br>4) five thousand, two hundred eighty-five<br>Answer:____________<br><br>5) eight thousand, two hundred fifty-nine<br>Answer:____________</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>5</td>
<td>Read and write numbers from 1 up to 10 000 in symbols and in words</td>
<td>Reading and Writing Numbers</td>
<td>F. Assesment<br>Multiple Choice. Choose the letter of the correct answer. Write the chosen letter on a separate sheet of paper.<br>1. What is 7 405 written in words?<br>a. Seven thousand, four hundred zero five<br>b. Seven thousand, four hundred five<br>c. Seven thousand, forty-five<br>d. Seven thousand, four zero five<br><br>2. What is eight thousand, five hundred thirty-nine in symbols?<br>a. 8 359<br>b. 8 395<br>c. 8 539<br>d. 8 593<br><br>3. The height of Mt. Apo is 2 954 meters above sea level. Write this number in words.<br>Answer:________________________________________<br><br>4. The Philippine archipelago consists of seven thousand, one hundred seven islands. Write this number in symbol.<br>Answer:________________________________________<br><br>5. Study the table below.
<table>
<tr><td>Months</td><td>Number of Sandwiches Sold in Months</td></tr>
<tr><td>June</td><td>2 423</td></tr>
<tr><td>July</td><td>2 345</td></tr>
<tr><td>September</td><td>2 834</td></tr>
</table>
Which month has the lesser number of sold sandwiches? Write the number in words.<br>Answer:________________________________________</td>
<td>Answer the Evaluation that can be found on page ______.</td>
</tr>
</table>

**WEEKLY LEARNING PLAN**

| Quarter | 1 | | Grade Level | 3 |
|---|---|---|---|---|
| Week | 2 | | Learning Area | SCIENCE |
| MELCs | **Classify objects and materials as solid, liquid, and gas based on some observable characteristics;** | | | |
| **Day** | **Objectives** | **Topic/s** | **Classroom-Based Activities** | **Home-Based Activities** |
| 1 | 1. Identify and describe objects and materials at home, in school, and the surroundings and classify them as solid, liquid, and gas.<br>2. Recognize and describe the observable characteristics of solid as to color, size, shape, and texture. | Classifying Objects and Materials | A. Review of the lesson<br><br>B. Establishing the purpose for the lesson<br><br>C. Presenting example/instances of the new lesson | Answer the Learning Tasks found in ENGLISH 1 SLM<br><br>Write you answeres on your Notebook/Activity Sheets.<br><br>Learning Task No. 1:<br><br>(This task can be found on page ____) |
| 2 | 1. Identify and describe objects and materials at home, in school, and the surroundings and classify them as solid, liquid, and gas.<br>2. Recognize and describe the observable characteristics of solid as to color, size, shape, and texture. | Classifying Objects and Materials | D. Discussing new concepts and practicing new skill #1<br><br>E. Discussing new concepts and practicing new skill #2 | Learning Task No. 2:<br><br>(This task can be found on page ____)<br>File created by DepEdClick |
| 3 | 3. Describe observable characteristics of liquid as to its ability to flow and how they occupy space. | Classifying Objects and Materials | F. Developing Mastery<br>(Lead to Formative Assessment) | Learning Task No. 3:<br><br>(This task can be found on page ____) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 4. Name and describe observable characteristics of gas. | | | |
| 4 | 3. Describe observable characteristics of liquid as to its ability to flow and how they occupy space.<br>4. Name and describe observable characteristics of gas. | Classifying Objects and Materials | G. Finding practical application of concepts and skill in daily living | Learning Task No. 4:<br><br>(This task can be found on page ____) |
| 5 | 3. Describe observable characteristics of liquid as to its ability to flow and how they occupy space.<br>4. Name and describe observable characteristics of gas. | Classifying Objects and Materials | H. Generalization<br><br>I. Evaluating Learning | Answer the Evaluation that can be found on page ______. |